

1

Mahigit beinte cuatro oras na siyang walang tulog. Which was typical, sa larangan ng trabahong kanyang pinili, kung saan bumabaligtad, naghahalo at nawawalan ng boundary ang mga araw at gabi.

Naihilamos ni Kara Kriselda Ylenaz ang kanyang mga kamay sa mukha. Maitim ang ilalim ng kanyang mga mata at magulo ang kanyang mahaba at nakapusod na buhok. Pero sa kabila ng puyat, pagod at kawalan ng ayos, hindi pa rin maitago ng mga iyon ang natural na ganda ng dalaga.

It was all in her genes—the porcelain skin na minsan lang magka-pimples, the small straight nose, the pouty lips and high cheekbones, siya ang isa sa mga kakaunting pinagpala sa mga anak ni Eba na ang kailangan lang gawin ay maghilamos ng ordinaryong handsoap para gumanda. Unfair, but that was how she was. Malaki ang kinalaman niyon sa kanyang Spanish genes.

Muli niyang binalingan ang laptop screen para basahin ang ginagawa niyang Sequence Treatment para sa isang TV Series. Napangiti siya.

“Yes! Ten pages na lang, tapos na!” aniya habang nakataas ang dalawang kamay sa langit.

“Haaay!” Kontentong binagsak niya ang katawan sa comforter kung saan siya nakasalampak. “Thank God at hindi ako male-late sa deadline sa Tuesday.”

Nanatili siyang nakangiti habang nakapikit. Bigla siyang napatayo para harapin ulit ang ginagawa nang may naisip na bagong eksena na maaaring isingit. Nagsimula siyang tumipa muli sa keyboard. Still grinning while typing away, muntik na siyang mapatalon nang marinig ang pag-alarm ng cellphone.

“What the hell...” Habang tumitipa pa rin ang isang kamay at hindi tinatangal ang mga mata sa screen, kinapa ng kanan niyang kamay ang cellphone sa tabi at napamura nang hindi iyon mahagilap.

“Ugh! Istorbo!” Tuluyan na niyang iniwan sandali ang ginagawa para hanapin ang phone na patuloy sa pag-alarm. Para iyong paghahanap ng mga piraso ng sumabog na katawan sa isang binombang gusali. Sabog-sabog ang mga gamit sa paligid, papel, libro, kumot, unan at matapos halukayin ang buong kuwarto, sa wakas ay nahanap din niya ang phone.

Mabilis iyong pinatay ni Kara saka bumalik sa ginagawa, pero hindi pa siya nakakatipa ng mahigit

sa sampung letra nang matigilan siya. Kaagad niyang hinagilap ulit ang phone.

“Sh*t!” Nagmamadali siyang napatayo para hagilapin ang isang overnight bag. She ripped her closet doors open, hinagilap ang lahat ng kaya niyang hagilapin at sinaksak sa bag. Isinara niya ang laptop at ipinasok sa isang knapsack. Isinukbit niya ang mga iyon sa sarili, pagkatapos ay dali-daling isinuot ang rubber shoes. Sandali lang siyang dumaan sa banyo ng kanyang inuupahang single bedspace at mabilis na nag-toothbrush at naghilamos. Pagkatapos, kumaripas na siya ng takbo palabas at nagpa-panic na ni-lock ang pinto.

“Ayun siya!” Naramdaman ni Kara ang pagtayo ng mga balahibo nang marinig ang sigaw na iyon.

“Dammit! Bakit ang bilis nila?” She ran as fast as her two feet could carry her, na hindi ganoon kabilis. Kahit pa lagi siyang napupunta sa ganoong sitwasyon, hindi pa rin maka-adjust ang katawan niya sa pagtakbu-takbo. Mas komportable talaga siyang nakaupo, kaya nga siya naging writer, di ba?

Pinagpatuloy niya ang pagtakbo, nonetheless.

Kailangan lang niyang makarating sa main road para makakuha ng taxi at magiging ligtas

pansamantala.

Gusto niyang magsisi kung bakit hindi niya in-alarm ng isang araw na mas maaga, o kahit nga dalawang oras lang na mas maaga ang kanyang phone. Pero malay ba niyang makakapagpadala agad ng mga tauhan ang taong iyon? Ngayon pa lang ito dapat babalik ng bansa, she thought it would at least take him a day before moving. But then again, walang sinasayang na segundo ang taong iyon, iyon ang dahilan kaya nakukuha nito ang lahat ng gusto.

“Damn you, Xander! Leave me alone!” sigaw niya habang tumatakbo. Tumalon ang puso niya nang makakita ng taxi sa dulo ng kalsada. “Aabot ako! Aabot ako!” dasal niya saka binilisan ang pagtakbo.

“Para! Para!” sigaw ni Kara kahit alam niyang hindi siya maririnig ng driver dahil nakasara ang heavily tinted windows ng sasakyan nito. Winagayway niya ang mga kamay para makita siya nito. Her heart pounded fast in delight nang makitang huminto ito. Binilisan niya ang takbo papunta sa main road. Dali-dali siyang sumakay sa backseat ng taxi.

“Ouch!” aniya nang bumangga siya sa isang matigas na bagay. Itinaas niya ang mukha at natagpuan ang sariling nakatitig sa huling taong gusto niyang makita nang mga oras na iyon.

“F*ck!” sigaw niya nang makita ang pamilyar na matabang na titig ni Alexander Villegas.

“Why is this happening to me?” Gusto niya na talagang sabunutan ang buhok niya.

“Stop being overly dramatic, Kara.” Exasperated ang tono ng lalaki. She glared at him. Walang nagbago sa hitsura nito sa loob ng anim na buwang hindi niya ito nakita. He was as immaculate as ever, with his perfect features and pristine clothes. He was cold elegance personified.

“I am not going to marry you!” asik niya.

Bahagya lamang na tumaas ang isang sulok ng labi nito na tila ba nang-uuyam.

“You—you—arrgh!” gigil na aniya. God, she really hated his arrogance.

Matabang siyang tinitigan ng lalaki. “Why are you so against it?” he said, piercing her with his cold hazel eyes. “We knew each other since we were toddlers, it’s not like you’re marrying a stranger who’s two times older than your father.”

“That’s not the point!” she shrieked. “We are *not* in love!”

Tila gustong humigit ni Xander ng hangin sa

sobrang frustration. “And that’s beside the point. Ang mga kagaya natin ay hindi nagpapakasal para roon. Masyado ka nang nabababad sa mga sinusulat mo at nakakalimutan mo na ang reyalidad na kinatatayuan mo, Kara.”

“What? The reality that you only needed me for my name and heritage? Kumpara sa buhay ko ngayon na tinatanggap ako ng tao bilang ako at hindi dahil sa pamilya ko, siyempre mas gugustuhin ko ang buhay ko ngayon! I do not need you guys in my life!”

“Lower your voice, you’re going to damage my eardrum and your vocal chords,” sabi nito sa nakaiiritang kalmadong boses.

Nanggigigil pa ring humalukipkip siya pero sinunod niya ito at pinigil na ang boses nang magsalita ulit, medyo sumasakit na rin kasi ang lalamunan niya sa kasisigaw.

“Bakit ba kasi hindi na lang iba ang pakasalan mo? Hindi lang naman ako ang anak-mayaman sa buong Pilipinas. Come on, Xander, for friendship’s sake, stop messing with my life.”

“It has to be you,” he said clinically. “You’re the perfect candidate. Isa pa, ikaw naman talaga ang fiancée ko mula pagkabata. Your lineage is impeccable,

our families go way beyond the eighteenth century. Hindi kagaya ng ibang socialites, kahit kailan hindi ka nasangkot sa kahit anong eskandalo. You're active in charity, maganda rin ang record mo sa school, hindi mo nga lang ginagamit at mas pinili mo ang trabaho na 'yan." He wrinkled his haughty nose na para bang may naamoy itong hindi maganda. "It doesn't hurt that you're impossibly beautiful."

Naramdaman ni Kara ang pag-iinit ng mga pisngi. Hanggang ngayon talaga, hindi niya malaman kung paano nito nagagawang magsabi ng ganoong bagay na hindi man lang kumukurap.

Humigit siya ng hangin. "So you only want me because of my lineage and all that crap?"

Kumunot ang noo ni Xander na para bang napaka-obvious ng sagot doon. "Of course."

She rolled her eyes. "Tungkol pa rin ba ito sa power struggle sa company n'yo? Come on natanggal mo na ang tatay mo; pati half-brother at stepmom mo, wala na ring magawa sa 'yo. Nagawa mo nang maging CEO kahit hindi ako pinapakasalan, bakit kailangan mo pang gawin 'to ngayon?"

"One can never be too careful," simple nitong sagot.

She wanted to groan.

Muli siya nitong binalingan ng tingin at nagsalita na para bang nagpapaliwanag sa isang bobong bata. “Kara, it won’t be so bad. Komportable tayo sa isa’t isa, at hindi mo kailangang mag-alala kung magtataksil ba ako o hindi dahil pareho nating alam na masyado na ’kong na-trauma sa infidelity ng tatay ko para gawin ko ’yon sa ibang tao. Pag-isipan mong mabuti, I’m the closest to ideal.”

Nahilamos niya ang mukha.

“Pero... pero ayoko nga. Bakit ba hindi mo maintindihan ’yon? Xander naman—ahh!” Hinila siya nito sa braso at hinawakan siya sa mukha. Nanlaki ang mga mata niya nang makitang ilang sentimetro lang ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa.

His cold impassive eyes traveled across her face and settled on her lips, naging malalim ang kanyang paghinga.

“Won’t you change your mind?” he asked softly against her lips.

Napalunok siya. “N-no.” Muntik na niyang malagyan iyon ng question mark.

“Hmm...” Marahan nitong idinikit ang mga labi

sa kanya. Electrical current traveled from her lips toward every cell in her body.

“Xander...” she whispered in a shaky breath.

“Yes...?” bulong nito sa mga labi niya. Then, she felt the tip of his tongue tracing the outline of her lower lip. Kusang napapikit ang kanyang mga mata at napahawak siya sa front shirt nito. Umakyat ang kamay nito mula sa kanyang braso, papunta sa batok niya.

“You’re saying something?” narinig niyang anas nito habang patuloy na dinadampi ang malambot nitong labi sa kanya. Kinagat nito ang pang-ibabang labi niya, then swipe his tongue across it.

“I...” Pakiramdam ni Kara, naging kasing-init ng sauna ang loob ng taxi kahit na todo ang aircon nito.

“I...” She moaned when she felt his hand running up and down her back. Damn, why did it always go this way? They had their first kiss when she was fifteen and he was eighteen. Pakiramdam ni Kara noon, there were fireworks exploding everywhere. Ngayon, sampung taon na ang nakalipas, ganoon pa rin ang pakiramdam niya sa tuwing hahalikan siya nito.

“I...” It was so difficult to form a coherent

thought. Lalong dumiin ang hawak niya sa shirt ni Xander. Iminulat niya ang mga mata at tumitig dito. His usually cold eyes were intensely staring at her, too. She licked her lips and saw his eyes become hazier. Nanginginig ang buong katawan, inilapit niya lalo ang bibig dito.

“Kiss me...” lumabas sa bibig niya bago pa niya mapigilan.

Naramdaman niyang ngumiti ito, pero hindi siya masyadong sigurado, because her mind quickly overheated when he opened his mouth fully to claim hers in a hot, torrid kiss.

She moaned involuntarily. Ang mga braso niya ay kusang umakyat at pumulupot sa leeg ni Xander. Ibinaon niya ang mga daliri sa malambot nitong buhok para lalo pa itong haltakin. She tasted the familiar spicy cold mint that was him. Tila hindi pa iyon sapat, ipinasok niya ang isang kamay sa loob ng coat nito at idinikit ang palad sa balat nito. Narinig niyang umungol din ang binata.

He slanted her face as he assaulted her mouth like a starved man on his last meal. The taxi was filled with their moans and harsh breathing.

Ang driver ng taxi, na tauhan din ni Xander

ay derechong nakatingin sa daan. His boss would fire him if he even made a single move that would indicate his existence. Kaya ginagawa niya ang lahat para magmistulang invisible. Kahit laging kalmado, may kalupitan ang boss niya. The man drove his own father out of the company in the most humiliating way possible. Kahit nang mamatay ang sarili nitong tatay, hindi ito pumunta. Kung nagawa nito iyon sa ama, paano pa sa isang driver lang na kagaya niya? Baka hindi na siya makakuha ng trabaho kahit saan. Ayaw niyang mangyari iyon, isa pa mataas magpasuweldo ang boss niya at marami pang perks.

The two continued kissing passionately, moaning, groaning as their hands tore and gripped at each other's clothes.

Kahit maraming pinagkaiba sa ideals at paniniwala ang dalawa, passion was never a problem between them.

Si Xander ang unang pumutol sa halik. Tinulak nito si Kara sa balikat. Hinawakan nito ang baba niya at bahagyang itinaas.

“Would that change your mind?” tanong nito.

“W-what?”

Xander leaned down and gave her another

searing kiss. Umungol siya at tinangkang sagutin ang halik ng binata, pero muling pinutol ng lalaki ang halik.

“About not wanting me, would that change your mind?” hinihinala ding sagot nito.

“I...” Unti-unting naglilinaw ang isip ni Kara.

Oh, that. Naalala na niya ang pinag-uusapan nila kanina. Mabilis niya itong tinulak at inayos ang sarili.

“No. That’s just lust, I won’t marry for that either,” matigas niyang sabi.

Nakita niyang umayos ng upo ang binata sa kanyang tabi. “Shame,” he said. Kalmado na ang boses na para bang nagkaroon lang sila ng isang mahabang talakayan tungkol sa isang problema ng kompanya. “Ang akala ko pa naman makukumbinsi kita sa maayos na paraan.”

Natigilan siya nang marinig iyon, napaawang ang mga labi at lumipad ang tingin dito.

“What do you mean?” mabilis niyang tanong.

Tumaas lang muli ang isang sulok ng labi ni Xander.

“I think you already know. I always get what I

want.”

Napasinghap siya, bumuka ang bibig para magprotesta. At muli, parang gusto niyang sabunutan ang sarili. Nagsisisi siya kung bakit hindi in-alarm nang mas maaga ang cellphone.

2

“You’ve got to be kidding me!” Nanggagalaiting nagpalakad-lakad si Kara sa living room ng isang VIP suite sa top floor ng *Willegas Hotel* sa Ortigas.

“You’re going to hurt your throat, stop screaming,” matabang na sabi ni Xander habang nilalapag ang mga gamit niya sa gilid ng pinto.

“You can’t lock me here! This is kidnapping! This is—”

“Violation of your human rights and a possible case for Domestic Violence,” dugtong nito. “May nakalimutan pa ba ’ko?” Walang anumang tinanggal nito ang suot na coat.

She glared at him. “So ano’ng balak mo? Ikulong ako dito hanggang pumayag akong pakasalan ka?”

“That’s the idea.” Inilapag nito ang coat sa sofa.

Hinilot ni Kara ang noo. “Xander, you’re being unreasonable. Hindi na tama ’to, hindi na ’to nakakatuwa—”

“Kara, save it, that won’t work on me.” Naglakad ito palayo at patungo sa kuwarto.

Nanggagalaiti siyang tumakbo papunta sa pinto at buong lakas na sinubukang buksan iyon.

“Tingin mo ba talaga iiwan ko ’yang di nakasara?” narinig niyang sabi ng binata mula sa silid.

“Well I had to try!” bulyaw niya saka padabog na tinadyakan ang pinto. Natural, nasaktan siya. “Goddamit!” mabilis niyang hinimas ang nasaktang paa.

“Bakit ba pinipilit mo ang mga bagay na di puwede?” Matabang ang tono nito.

“Shut up!” singhal niya sa binatang nasa loob pa rin ng bedroom. Namumula sa inis na sinundan niya ito roon. Napatili siya nang makitang nakahubad ito.

“What the f*ck are you doing!” Mabilis siyang tumalikod dito.

“I’m going to take a shower, do you want to come with me?” kaswal nitong tanong.

She gritted her teeth. “Of course not!” Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit sinasagot pa niya ito.

Akmang magmamartsa siya palabas ng kuwarto gamit ang lahat ng dignidad na mayroon ang kanyang 5’6” na katawan, pero bigla na lang nasa likuran na

niya ang binata at tumaas ang kamay nito para isara ang pinto. She was trapped between his naked body and the door. She could feel her whole body heating up.

“I could file for sexual harassment for this!” she freaked out.

“Hmm...” bulong lang nito sa likod ng kanyang tainga. Awtomatikong nagtayuan ang mga balahibo niya at nang hapitin nito ang baywang niya palapit sa katawan nito, napapikit siya nang mariin.

Dear heavens, she could feel him! Maloloka talaga siya kapag patuloy niyang nakasama ang lalaking ito.

“Xander!”

Hinalikan nito ang batok niya; akmang sisigaw ulit siya pero bigla siya nitong binitiwang. Bago pa siya makapag-react, naramdaman niyang wala na ang init ng katawan nito sa kanyang likuran.

Malalim ang paghinga, hindi niya magawang lumingon, natatakot na nakaharap lang ito sa kanya. Narinig ni Kara ang pagbukas ng pinto ng banyo at matapos ang ilang sandali, ang lagaslas ng tubig sa shower. Nanghihina na napaupo siya sa sahig.

She smacked her face with both palms.

Kailangan niyang umisip ng paraan para umalis sa lugar na iyon. Xander was going to drive her crazy!

Out na sa options niya ang tawagan niya ang ama. Walang pakialam iyon maliban sa negosyo nila. Ang kuya niya ay malamang ganoon din, after all, botong-botong ito kay Xander. Friends? Malabo rin, ayaw niyang mandamay at baka kung ano pa ang gawin ng binata sa pamilya ng mga ito, konsyensya pa niya.

Humigit siya ng hangin. She was all on her own.

“Well, what’s new?” aniya sa sarili habang nakahalukipkip.

Mula noong mamatay ang mama ni Kara noong doce pa lang siya, halos siya na talagang mag-isa. She was good at taking care of herself, hindi niya ginulo o binigyan ng sakit ng ulo ang kahit na sino, kaya kalabisan bang hilingin na huwag siyang guluhin at bigyan ng sakit ng ulo ng mga ito?

Inis na isinuklay niya ang mga daliri sa buhok. Well, kung tutuusin, si Xander lang talaga ang nagpapasakit ng ulo niya. Kahit alam niyang hindi gusto ng ama, hindi siya pinigilan nito nang sinabi niyang magiging writer siya at hindi magiging

businesswoman. Kahit na cum laude siyang nagtapos ng Business Administration sa *Ateneo*, pinili ni Kara na maging scriptwriter sa mga radyo at telebisyon at hindi siya pinigilan ng ama.

Basta hindi nagugulo ang negosyo nito, wala itong pakialam. Iyon din siguro ang dahilan kaya hindi niya ito mahihingan ng tulong ngayon. Makakatulong sa negosyo nito kung magpapakasal siya sa binata. After all, ganoon ang ginawa nito sa sarili nitong buhay. Nagpakasal sa kanyang ina para sa negosyo, kaya todo ang suporta nito kay Xander.

“Well, fat chance. I’ll never marry because of that,” angil niya sa sarili. Tama na ang nakita niyang paghihirap ng ina dahil sa pagmamahal nito sa isang taong mas pinahahalagahan pa ang negosyo kaysa sa pamilya. She would never live like that. Hindi niya hahayaang maulit ang history sa kanya.

Nakagat ni Kara ang mga kuko sa daliri. Pero kapag hindi siya nakaalis roon, baka iyon na nga ang mangyari.

Napaungol siya sa inis.

Tuso ang kababata; kung hindi siya makaalis sa lalong madaling panahon, talagang makakasal sila nang hindi niya nalalaman.

“Goddamit, bakit kasi bumalik agad!” she fumed.

They had been pestering her to get married since she was nineteen. Lalong tumindi iyon noong makatapos siya ng kolehiyo. At ngayong twenty-five na siya, heto at kulang na lang tutukan siya ng patalim sa leeg para papayagin siya. Ilang buwan na siyang tumatakas, umubra naman dahil e-mail lang ang kailangan niya sa pagpasa ng trabaho sa pinagtatrabahuhang network. Pero ngayong bumalik na nga si Xander mula sa anim na buwan nitong business trip sa ibang bansa, goodbye na sa hide and seek game nila.

Bumukas ang pinto ng banyo at ibinalik noon ang pag-iisip niya sa kasalukuyang problema. Mabilis siyang tumayo para lumabas ng kuwarto.

“There are bodyguards outside this room,” narinig niyang sabi ni Xander. “P’wede kang lumabas kung gusto mo pero may kasama ka pa ring bodyguard.” Hindi niya ito magawang tapunan ng matalim na tingin sa takot na baka wala pa rin itong suot na damit. Kaya sa halip, madrama na lang siyang nag-walk out mula sa silid.

Lumabas din ang binata matapos ang ilang sandali.

Naka-midnight blue polo ito, gray business jacket at denim jeans. Pinagmasdan niya ito. Being *that* gorgeous should be illegal.

Nakita niyang dala nito ang lalagyan ng laptop. “I’ll be out for the day, baka gabi na ’ko makakabalik.”

Her eyes snapped at him. “Babalik? You mean dito ka rin tutuloy?” Gusto na talaga niyang magprotesta. There was only one bedroom! At hindi si Xander ang tipong natutulog sa sofa.

Kumunot ang noo nito na para bang katangahan ang tanong niya. “Of course. Anong sense na nakakulong ka rito kung hindi mo rin pala ’ko kasama?”

She bit her lip hard. Akmang lalapit ito sa kanya pero mabilis siyang umurong.

“What?” she snapped.

He looked at her drily. “Don’t I deserve a good-luck-at-work kiss?”

“Hahaha,” Kara mocked. “You don’t believe in good luck, you only believe in yourself.”

Tumaas ang isang sulok ng labi nito.

“True,” sang-ayon nito, bago sinipat ang relo.

“Aalis na ’ko. Kung may kailangan ka, may taong nakabantay sa labas ng pinto. May magdadala rin dito ng pagkain, pero may laman din ang fridge sa kitchen, you can cook if you want. Don’t worry, you won’t burn the building. Maraming naka-install na water sprinklers dito, it was customized for you.”

Matalim niya itong tinitigan. Muntik na kasing magkasunog sa bahay nila nang minsang magluto siya.

Muli itong naglakad palapit sa kanya at ginawaran siya ng halik sa noo bago pa siya makapagprotesta.

“See you.” Naglakad na ito palayo.

Pagkalabas na pagkalabas nito ng pinto, nagsimula siyang magplano para sa pag-eskapo.

Alexander Villegas was not a man to mess with. He took what he wanted. Through manipulation, deceit, bribery, blackmail—it didn’t matter how. At sa sandaling iyon, ang gusto niya ay maalis ang half-brother niya sa kompanya nila.

Nanatili siyang nakaupo sa swivel chair habang kalmadong pinagmamasdan ang lalaki sa kanyang harapan.

“You’re being cruel. Alam mong wala nang pag-asa ang hotel na iyon ’tapos gusto mong pataasin ko ng forty percent ang revenue within six months? And you wouldn’t even give me enough funds to do any renovations!” May bahid ng hinanakit ang boses ng kanyang younger half-brother.

Xander tipped his head to one side as he studied the man in front of him. Kamukhang-kamukha talaga ni Christian ang ina nito; just seeing the man was enough to make him want to vomit.

“Yes. Do you have any objection with that?” walang emosyon niyang sagot.

“Gusto mo lang talaga ’kong tanggalin sa kompanya,” saad nito.

Tumaas ang isang sulok ng labi niya. “Oh, you finally realized?”

Christian flinched, as if he was really hurt with what he said. “I’ve been doing my best,” anang twenty-two-year-old na binata.

“It’s not enough.”

“Is this some personal vendetta?”

His smile widened. “What do you think?”

Nakita niya ang halu-halong emosyon sa mukha ng lalaki.

“Let me see him! Let me talk to him!” Nagambala ang pag-uusap nila ng tinig na iyon ni Anita Villegas. Ito ang ina ni Christian, ang biyuda ng kanyang ama, stepmother niya at higit sa lahat, ang kerida na siyang dahilan ng lahat ng paghihirap ng kanyang ina noong nabubuhay pa ito.

“Sir, pasensya na po—”

“Leave,” utos niya sa sekretarya. Mabilis itong tumango at lumabas ng pinto. Nakita niya ang panginginig nito sa takot. Hindi niya ito masisi, talagang dapat itong matakot dahil pagkatapos, he would make sure she would never get employed in any big corporation like his company again.

Bumaling ang tingin ni Xander sa babaeng malalaking hakbang na lumapit sa kanya.

“Hindi mo p’wedeng gawin ’to kay Christian, stockholder pa rin kami ng kompanya—”

Hindi niya napigilan ang nanunuyang ngiti sa mga labi. Ah yes, naging stockholder ang kerida ng ama sa kompanya ng pamilya ng kanyang ina.

How annoying was that?

“Sure,” aniya sa ginang. “But I have the biggest share. At kung nakakalimutan mo rin, ako rin ang CEO. I ousted my dad even before he died, have you forgotten? May karapatan ako sa paglilipat, pagkuha o pagtanggap ng empleyado. O baka hindi mo alam kasi hindi mo alam ang ibig sabihin ng CEO—”

“Stop that!”

Ibinaling niya ang tingin sa namumulang si Christian. Nakakuyom ang palad nito at malalim ang paghinga.

He tapped his fingers on the table. “I have a lot of work to do, gusto n’yo bang tumawag na ’ko ng security?”

“Why are you being this cruel?” Si Anita. “Ginawa ko naman ang lahat para mapalapit sa ’yo, hindi mo pa rin ba matanggap hanggang ngayon na minahal ako ng ama mo? Totoong nagkarelasyon kami bago nagpakasal ang mama at papa mo, pero nawalan kami ng koneksyon sa isa’t isa. Nang mamatay lang ang mama mo saka lang kami ulit nagkita.” Naluluha na ito.

Pinigil niya ang paghikab. “Yes, I heard that story already. I have a very good memory, almost photographic, hindi mo kailangang ulit-ulitin sa ’kin

ang kuwento mo.”

Nanginginig ang mga labi nito. “Kung ganoon, bakit mo ginagawa ito?”

Walang emosyong tinitigan niya lang ito.

“Hindi ko kailangang magpaliwanag sa ’yo,” ang tangi niyang sagot. Sinipat niya ang relos. “Limang minuto na tayong nag-uusap. Tatawag na ’ko ng guard.” Pinindot na niya ang intercom na nagkokonekta sa sekretarya.

“Shelly—”

“Aalis na kami,” putol ni Christian. Kita pa rin ang hinanakit sa mukha, inakay na nito ang umiiyak na ina palabas ng opisina niya.

He merely watched them with impassive eyes.

Pagbukas ng pinto, nakita niyang nag-aalalang tumayo ang sekretarya niya para alalayan ang matanda. May diabetes at high blood pressure kasi si Anita. Habang papalakad palayo ang dalawa, nakita niyang nakasalubong ng mga ito si Dir. Legaspi ng Accounting Department. Nagsara na ang pinto kaya hindi na niya nakita kung ano pa ang nangyari. Matapos ang mahigit-kumulang isang minuto, pumasok na ang director sa kanyang opisina.

“What happened?” nag-aalalang tanong nito. Close family friend ang nasabing director at shareholder din ng kompanya.

“Nothing important,” malamig niyang sagot. He thought it was hypocritical to ask what happened when he was pretty sure nasabi na ng dalawa rito kung ano ang problema.

Mataman siyang tinitigan ng director pero hindi siya natinag, nanatili siyang kalmado at composed. Pagkatapos, napailing na lang ito.

“How was your trip?” Amiable ito. Gusto niyang ngumiti nang sarkastiko sa bilis nitong magbago ng mood.

“Everything is fine,” aniya. “Maganda ang takbo ng constructions ng mga hotels sa Malaysia at Thailand. We’re right on schedule.”

“But I heard there were problems sa materials, naayos na ba?”

Bahagya siyang ngumiti. “No, walang problema. Maayos ang lahat,” aniya, not bothering to divulge the details. Totoong may problema pero naayos na niya, wala siyang balak ilahad dito ang naging pagtatraydor ng ilan sa mga empleyado roon at kung paano niya iyon nahuli.

“That’s good to hear.” Ngumiti ang director. “Pero kung may problema, alam mong ’andito lang ako.”

Nanatili siyang nakangiti. “Of course.”

Inabot nito sa kanya ang isang folder. “Iyan na’yong accounting report for this year.”

Tinanggap niya iyon. “Thank you.”

Jovial na ngumiti ulit ang matandang lalaki.

“Kanina ka lang dumating, hindi ba? Dapat nagpahinga ka muna kahit isang araw lang, hindi naman maba-bankrupt ang kompanya kung hindi ka papasok ng isa pang araw.”

“True, pero hindi ako komportable kapag wala rito. You’ll never know what could happen.” Nagsimula si Xander na basahin ang report.

The old man looked at him gravely. “Hanggang ngayon ba, hindi mo pa rin natatanggap, hijo?”

He wanted to roll his eyes. Bakit ba parang sirang plaka ang mga tao ngayong araw?

“Hindi maiiwasan ang nangyari. Namatay ang lolo mo at walang ibang kamag-anak ang mama mo; your mom was not brought up to be the head of this company. Natural na tatay mo ang maging CEO.”

Tumango siya bilang pagsang-ayon. “At siyempre, hindi rin maiiwasan na pakasalan ng tatay ko ang kerida niya at gawin itong shareholder. That’s just inevitable, ’no?” Humigit ng hangin ang matanda.

“You are being cruel, can’t you let go of the past? Kawawa naman si Christian, wala naman siyang kasalanan, hijo. That boy looks up to you. He admired you ever since you were kids.”

“I know,” bored na turan niya.

Muli itong humigit ng hangin. “Hijo, sinasabi ko ito para sa ikabubuti mo rin naman, cruelty will not make you happy.”

Tumingin si Xander sa matanda. “Yes, thank you. I will keep that in mind.”

Tila natuwa ang matanda sa sinabi niya. “Sige, iyon lang. Ipatawag mo na lang ako kung may problema sa report.”

Tumango siya.

Tumayo na ang matandang lalaki at naglakad palabas ng office niya. Nang makalabas ito, he smiled to himself.

“Cruelty, huh?” Muli niyang binalingan ang accounting report. Ang totoo, he liked being cruel.

Reaching You - Dior Madrigal

Kapag malupit ang isang makapangyarihang tao, kinatatakutan ito ng iba. At kapag kinatatakutan ito, madali nitong nakokontrol at napapasunod ang iba.

He needed that to keep this company, his mother's company safe. Kahit kailan, hindi niya hahayaang makuha ito ng ibang tao. Muntik na iyong nagawa ng ama, nang pakasalan nito at gamitin ang kanyang ina para makapasok sa kompanya. He would never forgive his father for using his mother like that.

So what if he couldn't be happy? He could live with that.

3

Ang unang napansin ni Xander nang pumasok siya ng VIP suite nila ni Kara ay ang mahinang pagdaing ng dalaga mula sa nakabukas nilang kuwarto.

Sinipat niya ang relo, it was already midnight. Kunot-noo siyang naglakad papunta ng silid dala ang laptop. When the bed came into view, nakita niya si Kara na nakasalampak sa gitna ng king-sized bed, dinadampian ng bulak ang isang braso nitong may mahabang kalmot.

“What is that?” he asked drily as he entered the room.

“What the...?” gulat itong napatingin sa kanya. Tila nakahinga ito nang maluwag nang makitang siya pala ang nagsalita. “Damn, di ka ba marunong kumatok?” Pinagpatuloy nito ang paggamot sa sariling sugat.

“The door was opened.” Tinanggal niya ang jacket at nilapag iyon sa isang malapit na sofa.

Nakapantulog na si Kara. Her hair was tied up in a messy bun, napansin niyang malaking white t-shirt niya ang suot nito. Hindi niya napigilan ang pagtawa

sa sarili. Puro silk teddy kasi ang mga pantulog na pinalagay niya sa walk-in closet ng VIP room. Ang mga dala nitong damit ay pinatapon na niya lahat. He was sure she didn't like wearing the provocative lingerie so she opted to wear his shirt. Ang hindi nito alam, mas na-turn on pa siya sa gesture na iyon kaysa magsuot pa ito ng skimpy lingerie.

Umupo siya sa kama, hinila ito sa batok at siniil ng halik bago pa ito makakurap. He groaned as he tasted her. It was such a long day, he felt so tired and drained. Kissing her was such a great way to end it. Pinutol niya ang halik at dinikit ang noo rito.

“I'm home,” he murmured against her lips.

“Hmm...”

Ngumiti siya pagkatapos ay kinuha ang ginagamot nitong braso. Tinitigan niya ang sugat roon na tila kinalmot ng kung anong matalas na kuko.

“Saan mo nakuha 'to?”

She wrinkled her petite nose. “Ah, kanina kasi, naglakad-lakad ako sa lobby. May nakita akong cute na pusa na nakalagay sa basket, nilapitan ko, kinalmot ako.”

“What!” Hindi niya napigilan ang biglang

pagtalas ng boses. “Animals are not allowed inside, bakit may nakapasok? Kaninong pusa iyon? Did you have it checked for anti-rabies?”

“It’s okay. May doctor na nag-check sa ’kin, wala ring rabies ’yong pusa. Bata ’yong may-ari. Hayaan mo na, napadaan lang naman.”

Nakasimangot na kinuha ni Xander ang antiseptic at sinimulang idampi ang bulak sa kalmot.

“Ouch, you’re too rough,” angil nito.

He bit his lower lip. “Sorry.” Sinubukan niyang gawing mas marahan ang pagdampi rito.

“This is why I don’t like animals,” he muttered. “They can get violent and uncontrollable.”

She wrinkled her nose again. “No, it’s my fault.”

Matabang niya itong tinitigan.

“What? Is this some sort of hypocritical way of taking all the blame? You were hurt, how can it be your fault?”

She gave him a pointed look na para bang isang bata siyang walang alam. Naalala niyang tinitingnan siya nang ganoon ng ina bago siya nito bigyan ng dalawang oras na lecture.

“Kapapanganak lang ng pusa. Nandoon ’yong mga kuting niya sa loob din ng basket, natural na bayolente siya. Normal ’yon, hormones ’yon.”

“So, na-justify n’on ang pananakit sa iba?” he thought sarcastically. Sinimulan niyang balutin ang braso nito ng bagong benda. “Rationalization lang iyan, Kara. See the world as it is, ’wag mong i-sugarcoat ang mga masasamang bagay.”

Iniiikot nito ang mga mata. “Hello, pusa ang pinag-uusapan natin. Bakit napunta d’yan ang usapan?”

Humigit siya ng hangin. “Ang sinasabi ko, hindi mo dapat hanapan ng rason ang isang bagay na mali. You were always like that. Stop doing that, hindi maganda ’yan. See things as they are, stop living in a fairytale world. The world is cruel, Kara, not everyone is as pure and as good as you.”

She looked at him drily. “Kahit kailan, hindi ako naging pure at naging good, and I’m not sugarcoating anything. You’re right, the world is cruel... pero hindi mo ba naisip na may rason iyon? There’s always a reason; minsan ang tao nagiging malupit dahil may gusto siyang protektahan. They appear vicious and scary when in fact, takot din talaga sila. Kagaya n’ong pusa, she was just trying to protect what’s important

to her. Prinoprotektahan lang niya ang mga anak niya. It's the same with people, sometimes we become cruel to the point of hurting other people just to protect what we hold dear. True, it's unjustifiable, but it only shows that everyone still has emotions.”

Sa loob ng ilang segundo, nanatili siyang walang imik. Pagkatapos, tumaas ang mga mata niya at mataman itong pinagmasdan.

Kumunot-noo ito, tila na-conscious sa pagtitig niya.

“What?” she snapped. Pero pinagpatuloy niya ang pagtitig dito. “Ano ba, stop staring at me like that!” angil ni Kara at hinila ang kamay pero hindi niya ito pinayagan. Hawak pa rin ang braso nito, he cocked his head to one side.

“So,” he said in a cool voice, “ano’ng gagawin mo sa mga taong ganoon? Sa mga taong malupit dahil may gusto silang protektahan?”

Tila natigilan ito roon. “Well,” nagkibit-balikat ito at saka masiglang ngumiti. “Reach out to them of course, no one is a hopeless case.”

He cocked an eyebrow. “Even if they bite you?”

Tumango ito. “It’s part of it.”

Ilang segundo pa niya itong tinitigan, lalo itong sumimangot.

“What!” asik nito. She glared at him at muling hinila ang braso pero hindi niya ito pinayagan, sa halip hinila niya ito palapit sa kanya. Ilang sentimetro lang ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa.

“How idealistic,” bulong ni Xander sa labi nito. “It’s so nice to hear such words, if only things are as simple as that.”

“What are you talking about?” she muttered.

“Nothing. So, Miss I-Will-Reach-Out-And-Save-Others, if I ask you to save me, ililigtas mo ba ’ko?”

She rolled her eyes. “You don’t need saving.” Pagkaraan ng ilang saglit, seryoso itong tumitig sa mga mata niya. “But of course, if you really need it, I’ll save even you.”

Hindi niya napigilan ang pagtaas ng isang sulok ng labi.

“Hmm...” he murmured. He closed his eyes and started kissing her softly. Naramdaman niya ang biglang pag-tense nito pero hindi niya itinigil ang halik. He kept kissing her slowly, softly, gently.

Unti-unti, naramdaman niya itong nag-relax. He

kissed her a little harder, biting her lower lip to coax them to open for him.

Matapos ang ilang sandali, tuluyan na itong nag-relax at naging parang melted butter sa kanyang mga braso. Her lips parted and allowed him entry.

He groaned as he slipped his tongue inside her mouth. Naging mainit ang halik pero nanatiling mabagal. They savoured each other like melted ice cream in their mouth, licking and tasting the flavor for as long as they could.

He slid his hand inside her shirt and got a little annoyed when he found her still wearing an underwear. She gasped when he effortlessly slipped his hand inside her bra to cup her right breast. He rolled its peak in his thumb until it was hard and stiff.

“Wait!” Marahas siya nitong tinulak. Namumula ang mukha ni Xander pagkatapos ay defensive na humalukipkip.

Napakurap siya. To say that he was shocked was an understatement. Siya lagi ang unang bumibitiw sa halik. Usually, masyadong darang si Kara sa sensasyon para maitulak siya.

Napasimangot siya. May ginawa ba siyang mali sa pagkakataong ito?

“We can’t,” deklara nito. “I told you, hindi ako magpapakasal sa ’yo. Nga pala, saan ka matutulog?”

Nanatili siyang nakakunot-noo.

“Saan pa, di dito?” matter-of-fact niyang tugon. Binalingan niya muli ang braso nito at tinapos ang pagbebenda roon.

Humigit ito ng hangin. “Fine, ako na lang sa sofa.” Akmang tatayo na ang dalaga nang maagap niyang mahagilap ang kamay nito.

“Don’t be ridiculous,” matabang na sabi ni Xander.

“Okay, ikaw na lang ang matulog sa sofa.”

Tumaas ulit ang isang sulok ng labi niya. “Don’t be absurd.”

Inikot ni Kara ang mga mata. “See? Since hindi ka naman matutulog sa sofa, eh di, ako na lang.”

Bumuntong-hininga siya. “The bed’s huge.”

“Sure. Ano, ako ba o ikaw ang sa sofa?”

He looked at her drily. “Pagod ako at maaga ang pasok ko bukas. Five o’clock pa lang kailangan ko nang umalis dito. Gustuhin ko mang gumawa ng kababalaghan, I have no energy. Kahit ano pa’ng

sabihin ng iba, I do need to rest.”

Tila hindi pa rin ito naniniwala sa kanya.

“Sige na, go to sleep. I’ll take a shower first.”
Hinalikan niya ito sa noo saka tinungo ang banyo.
Akmang bubuksan na niya ang pinto ng restroom
nang tawagin siya ng dalaga.

“Wait.”

Napalingon siya rito. “What?” untag niya.

Kinagat ni Kara ang pang-ibabang labi na tila
ba nagdadalawang-isip kung itatanong ba nito ang
gusto o hindi. He patiently waited for her to make
up her mind.

Humigit ito ng hangin at tumitig sa kanya. “Is
there something wrong? May nangyari ba sa opisina
mo?”

Bahagya siyang nanigas. “Why did you ask?”
maingat niyang tanong.

Nagkibit-balikat lang ito. “Nothing, para kasing
tensed ka.”

Iniwas niya ang tingin dito. “Nothing’s wrong.”

Iyon lang at pumasok na siya sa banyo. Hindi na
niya nakitang napabuntong-hininga ang fiancée niya.

Matapos ang mabilis na shower, lumabas siya ng banyo na naka-black pajamas lang. He smiled when he saw Kara in bed, curled in a fetal position sa gitna ng kama. Sandamakmak na unan ang ginawa nitong barikada.

Tinuyo niya ang buhok gamit ang isang tuwalya. Nang matapos, he crawled under the sheets. Walang alinlangan niyang tinanggal ang mga unan na hinarang nito sa pagitan nilang dalawa, pagkatapos hinila niya ito palapit sa kanya.

“Mmm...” she murmured in her sleep.

He pressed his chest to her back. Dinampian niya ito ng halik sa leeg saka inihilig ang ulo sa unan. He smiled as he smelled the scent of her shampoo.

“Liar...” anas nito habang natutulog.

“I am not,” sagot niya kahit nakapikit na rin. Unti-unti, naramdaman niya ang paghila ng antok.

“I’ll tell the press that you’re the cuddling type,” she muttered, probably half-awake.

He merely buried his face in her hair and smiled. “No one’s going to believe you.”

Ang huling kaisipan niya sa isip bago makatulog ay, he really liked ending the day this way.